

Sipat-suri sa Konsepto ng Meranaw Culture-Specific Items ng Epikong Darangen

Alia D. Ramber
Mary Ann S. Sandoval

Departamento ng Filipino at Panitikan, MSU-Iligan Institute Technology

Abstract

Ang bawat wika at kultura ay natatangi. Patunay rito ang mga salita o pahayag na hindi makikita o matatagpuan sa ibang wika. Tinatawag na culture-specific items (CSI) ang mga natatanging termino o pahayag) na ito na isa sa mga suliranin ng pagsasalin. Anupa't pangunahing layunin ng papel na masipat at masuri ang konsepto ng Meranaw CSI na nakapaloob sa bahagi ng epikong Darangen. Sinikap na mailahad ang katangian ng Meranaw CSI, gayundin ang maikategorya ito ayon sa klasipikasyon ng CSI ni Peter Newmark at ang mungkahing kaparaanan ng pagsasalin nito sa Filipino. Kwalitatibong-panunuring pangnilalaman ang ginamit na kaparaanan sa pag-aanalisa ng datos. Kinuha ang datos mula sa isinaling bahagi ng epikong Darangen, partikular na ang Episod 2 ng Volyum V. Naging sandigan ng pag-aaral ang lapit-kultural nina Bassnet at Lefevere, bilang pagdulog na nagpapahalaga sa parehong linggwistikal at kultural na aspekto ng teksto. Natuklasan na mayaman sa CSI ang naturang bahagi ng epikong Darangen. Katangian ng Meranaw CSI ang pagiging halos banyaga nito sa wikang Filipino. Nauuri ito sa tatlong anyo: salita at pariralang pa-literal at salita at pariralang idyomatiko. Nahahati naman ito sa limang klasipikasyon o kategorya: materyal na kultura, organisasyong panglipunan, kaugalian at pamamaraan, Pananaw, ideya at konsepto, at pangngalang pantangi, at ekolohiya. Sa pangkalahatan, nakadepende sa klasipikasyon ng CSI ang kaparaanan ng pagsasalin. Ang paggamit ng mga teknik ay umaayon sa kahingian at pangangailangan ng CSI, Samakatuwid, may malaking papel ng klasipikasyon ng mga CSI sa pagmamaniipula ng tagasalin.

Mga Susing-salita: *Meranaw, Culture-specific items, epikong Darangen, Pagsasalin*

Suggested Citation:

Ramber, A.D. & Sandoval, M. S. (2025). Sipat-suri sa konsepto ng Meranaw culture-specific items ng epikong Darangen. *Langkit: Journal of Social Sciences and Humanities*, 14 (1), 43-66.

Sipat-suri sa Konsepto ng Meranaw Culture-Specific Items ng Epikong Darangen

Alia D. Ramber
Mary Ann S. Sandoval

Departamento ng Filipino at Panitikan, MSU-Iligan Institute Technology

Abstract

The uniqueness of a language and culture is evidenced in words or expressions that cannot be found in other languages. These unique terms or expressions are called culture-specific items (CSI), which can be a challenge translation. The primary goal of this paper is to identify and analyze the concept of Meranao CSI found in the epic *Darangen*. It aims to present the characteristics of Meranao CSI, categorize them according to Peter Newmark's classification of CSI, and propose translation methods into Filipino. A qualitative content analysis was employed to analyze the data, which was derived from the translated portion of the epic *Darangen*, specifically Episode 2 of Volume V. The study is grounded in the cultural approach of Bassnett and Lefevere, emphasizing both linguistic and cultural aspects of the text. It was revealed that the mentioned portion of the epic *Darangen* is rich in CSI. A characteristic of Meranao CSI is its unfamiliarity with the Filipino language. It can be divided into three forms: literal words and phrases, and idiomatic words and phrases. Additionally, it can be categorized into five groups: material culture, social organization, customs and practices, views, ideas, concepts, proper nouns, and ecology. Generally, the translation approach depends on how CSI is classified. The techniques used are adapted to meet the specific requirements of the CSI. Therefore, the classification of CSI plays an important role in the translator's process of manipulation.

Keywords: *Meranaw, culture-specific items, Darangen, cultural translation*

Suggested Citation:

Ramber, A.D. & Sandoval, M. S. (2025). Sipat-suri sa konsepto ng Meranaw culture-specific items ng epikong Darangen. *Langkit: Journal of Social Sciences and Humanities*, 14 (1), 43-66.

Introduksyon

Isang manipistasyon ng pagiging natatangi ng bawat wika ang pagkakaroon nito ng mga salita o parirala na hindi makikita o matatagpuan sa iba. Ito ay kumakatawan sa mga natatanging kultural na termino o mga pahayag na kinikilala bilang lexical gap o semantic void. Ang linggwistikal na penomenong ito ay bunga ng ugnayan ng wika at kultura na sinasabing hindi maaaring paghiwalayin dahil nirerepresenta ng bawat isa ang isa't isa.

Ang kultura ay kabuuan ng paraan ng pamumuhay na pinanday ng isang pangkat at isinalin sa sumusunod na henerasyon (Taylor, 1920). Ito rin ay isang komplikadong kabuuan ng pinagsama-samang kaalaman, paniniwala, sining, batas, moral, pamumuhay at iba pang mga kapabilidad na natamo ng tao bilang kasapi ng lipunan (Hymes, 2000). Ang kultura bilang kaparaanan ng buhay ay nagiging manipistasyon ng wikang ginagamit sa isang komunidad o lipunan bilang gamit sa pagpapahayag (Newmark, 1988). Sa ganang ito pinatutunayan na ang wika ay lunsaran sa pagpapahayag ng natatanging kultura ng isang etnolinggwistikong pangkat.

Ang magkabuhol na ugnayan ng wika at kultura ang isang malaking hamon sa larangan ng pagsasalin. Naiimpluwensyahan kumbaga ng bawat isa ang isa't isa kaya humaharap ng suliranin kung paano naisasalin ang mga ito. Ayon nga kay Toury (1995), ang pagsasalin ay isang gawaing parchong pinahahalagahan ang dalawang wika at kulturang kasangkot kaya dapat sikaping maisalin ang diwa ng orihinal na teksto sa pamamagitan ng pagbibigay halaga sa linggwistikal at kultural na aspekto ng simulaang wika (SW) at target na wika (TW). At ito ang tinitindigan ng pagsasalang kultural kaya, ang tagasalin ay nagsisilbing tagapamagitan sa magkakaibang kultura sa tekstong isinsasalin.

Sa konteksto ng pagsasalang kultural higit na tinutukan ang salik-kultural sa proseso at gawaing pagsasalin. Kasama na rito ang usapin hinggil pagsasalin sa mga natatanging kultural na termino at konsepto o ang *culture-specific items* (CSI). Ang *culture-specific items* ay tumutukoy sa mga salita at konseptong natatangi lamang sa isang kultura. Nakikilala ang mga ito sapagkat madalas hindi mahagilap ang kahulugan o katumbas nito sa target na wika na higit nagpapahirap sa pagtawid ng kultura (Aixela, 1996). Naunang dinalumat ni Peter Newmark ang mga natatanging kultural na termino na ito na unang niyang tinawag na *cultural words* na kalaun ay naging *cultural-specific terms*. Ayon sa kanyang dalumat, maaaring maklisipika sa limang kateryorya ang na kinabibilangan ng ekolohiya, materyal na kultura, kulturang panlipunan, mga organisasyong panlipunan, kaugalian, gawain, pamamaraan at mga konsepto at mga kilos at gawi (Newmark, 1988). Samantala, inuri naman ni (Aixela, 1996) sa dalawang kateryorya ang mga ito; pangngalang pantangi at mga komon na ekspresyon. Nabibilang sa pangngalang pantangi ang lahat ng mga pangalan ng tayo, hayop, bagay, pook, konsepto, samantalang tumutukoy naman sa lahat ng pananaw at konsepto, kasama na rito ang kilos at gawi ang mga komon na ekspresyon. Bagama't magkaiba ang kategorisasyon ng dalawang iskolar, ay masasabing wala itong pinagkaiba, maliban sa higit na espisipiko ang modelo ni Newmark kung ikukumpara sa modelo ni Aixela.

Batay sa ilang pag-aaral, lumalabas na bahagi sa malaking suliranin sa pagsasalin ang

mga CSI. Nang dahil sa presensiya ng CSI, humaharap sa malaking suliranin ang kaganap ng pagsasalin ng kultura. Nang dahil dito ay lumalabas ang nosyon ng *untranslatability* o ang di-maisalin ni Homi Bhabha na ayon sa dalumat ni Walter Benjamin ay dulot ng imposibleng pagsalin ng isang kultura sa isang pang kultura bunga ng pagkakaroon nito ng magkakaiibang kakanyahan (Tylor, 1920). Gayunpaman, pinabulaanan ito ng ilang iskolar tulad ni Venuti sa pagsasabing posible ang pagsasalin ng kultura. Nangangailangan lamang ito nang matalinong paggamit ng estratehiyang pagsisilbing gabay sa proseso ng pagsasalin. Ang nagiging tanong ngayon ay kung papaano naisasalin ang mga konseptong kultural na ito na hindi naisasantabi ang kultural na diwa ng simulaing wika at ang katapatan sa linggwistikal na aspekto ng parehong wikang kasangkot? Kung sinasabing pangunahing layunin ng pagsasaling kultural ang pagsasalin sa kulturang nakapaloob sa orihinal na teksto, paano tinutugunan ang pagpapanatili sa kultural na motip gayong suliranin kung ituring ang pagtalanunon sa angkop na salita o parirala sa pinagsasalinang teksto? Ang mga nailahad na katanungan o agam-agam ay maaaring tugunan ng kultural na pagsasala o cultural filtering na nakadepende pa rin sa tagasalin kung papaano niya pipiling isalin ang mga CSI. Kaugnay nito, pinahahalagahan sa pag-aaral ang nosyong sa proseso ng pagsasala sa mga CSI nagaganap ang pagtawid ng kultura kaya nangangailangan ito nang sapat na pag-unawa sa dawalang wika at kulturang kasangkot.

Nakatutulong ang kultural na pagsasala ang agwat sa pagitan ng simulaing wika at target na wika. Sa ganitong paraan tinitingnan ng teoryang Skopos ni Hanz Vermeer ang pagsasalin. Sa pagsasala, maaaring gumamit ng iba't ibang estratehiya, gaya ng foreignization, domestication o lokalisasyon na mungkahing mainam na gamitin sa pagsasaling kultural ayon kay Venuti (1998), at ang pro-source o pro-target na mungkahi naman ni Toury (1995). At dahil nakasalalay sa pagpapasya ng tagasalin ang ginagamit na kaparaanan sa pagsasalin ng mgs CSI, may nagaganp na manipulasyon. Ipinalalagay ng mananaliksik na ang nangyayaring manipulasyon sa akto ng pagsasalin ay nagaganap proseso ng pagtutumbas ng mga CSI batay sa kung paano ito tinumbasan sa target na wika. Mula rito ay lumulugar ang pag-aaral sa pagsipat sa Episod 2 ng Volyum V ng epikong Darangen upang mabalangkas ang pangkalahatang konsepto ng Meranaw CSI. Ginamit na lente sa pagdalumat ang lapit-kultural (cultural turn), na sinasabing parehong nagpapahalaga sa linggwistikal at kultural na aspekto ng teksto. Tinutugan ng pag-aaral na ito ang kakulangan ng pag-aaral sa konsepto ng CSI sa konteksto ng wika at kulturang Meranaw.

Metodolohiya

Kwalitatibo ang disenyong ginamit sa pag-aaral. Deskriptibong lapit naman ang ginamit sa paglalarawan ng konsepto ng Meranaw CSI sa konteksto ng bahagi ng epikong Darangen ng mga Meranaw na Episod 2 ng Volyum V ng epikong Darangen na pinamagatang *Kiyatidawa sa Magoyod a Selegen ago sa Komenekeneg a Ig* (Ang Digmaa sa Magoyod a Selegen at sa Momenekeneg a Ig) na isinalin sa Filipino ni Assist. Prof. Settie-zymah R. Sarip-Padate, isang fakulti ng MSU-LNAC na nagwagi Gawad Rolando Tinio sa Tagasalin ng NCCA noong 2016. Ang pagpili sa ginamit na materyal na pinaghanguan ng datos ay nakabatay sa kakulangan o kawalan ng pag-aaral na katulad kasalukuyang pag-aaral batay na rin sa masinop na pagngangalang ng impormasyon mula sa mga pag-aaral at babasahin. Tiniyak rin na ang materyal ay kinalap mula sa materyal na banggit ang mga CSI. Mano-

manong binasa ang simulaang wika at itinala ang mga salita o pahayag na maituturing na natatangi sa kulturang Meranaw. Naging batayan sa pagtukoy ng mga CSI ang dalumat ni Aixela (1996) na ang CSI ay mga pangngalang pantangi, at komon na ekspresyon, na nauuri sa limang klasipikasyon ayon kay Newmark (1988): ekolohiyan, materyal na kultura, kulturang panlipunan, mga organisasyong panlipunan, kaugalian, pananaw, konsepto, at mga kilos at gawi. Ito ang naging sandigan ng mananaliksik sa pagtukoy ng mga Meranaw CSI.

Inilahad ang nakalap na mga CSI ayon sa kategoryang kinabibilangan nito kasama na ang pagpapakahulugan nito sa wikang Filipino ni Padate. Dumaan sa balidasyon ang naitalang CSI upang matiyak kawastuan sa pagkakategorya nito ng mananaliksik at ang pagpapakahulugan batay sa isinagawang pagsasalin nito sa wikang Filipino. Tiniyak na purong Meranaw at maalam sa wikang Filipino ang mga balideytor kaya mula rito ay napili sina Alim Alinor G. Umpara, Dr. Dalomabi L. Bula, at Baalabi Shora M. Sabdullah. Sa paraang tematiko naman ang naging paraan sa paglalarawan sa kabuuang balangkas ng konsepto ng culture-specific items ng mga Meranaw, ayon na rin sa nailatag sa layunin ng pag-aaral.

Resulta at Diskusyon

Nakalahad sa bahaging ito ang kabuuang pagtalakay sa konsepto ng Meranaw CSI. Sa pagbalangkas sa konsepto ng ng Meranaw CSI, bahagi sa tiningnan ang kaligiran ng mga salita, ibig sabihin ay kung saan at paano ito ginagamit sa diskurso. May mahalagang tungkulin ang pag-alam sa katangian at klasipikasyon ng Meranaw CSI sa usapin ng pagsasakultura sapagkat ito ang pagbabatayan sa pagbalangkas ng konsepto ng Meranaw CSI. Kaya naman, unang inilahad sa bahaging ito ng papel ang katangian at klasipikasyon ng mga CSI bago ang paglalahad at paglalarawan sa prosesong pinagdadaanan ng pagsasalin.

Katangian ng Meranaw CSI

Binigyang pagpapakahulugan nina Oztemet at Kurt (2017) ang *culture-specific items* (CSI) bilang mga salita o pahayag at/o konsepto na natatangi sa isang kultura. Mga elemento ito ng teksto na konektado sa isang konsepto ng banyagang kultura, gaya halimbawa ng kasaysayan, sining, literaltura na hindi maaaring hindi nakikilala ng mga mambabasa ng target na wika (Aixela, 1996). Batay sa pagpapakahulugang ito, anumang salita o pahayag na pekyuliyar sa isang teksto ay maituturing na CSI na pagmamay-ari ng kung sino mang nagmamay-ari ng teksto. Kaya, ang lahat ng mga natatanging kultural na termino at pahayag mayroon ang epikong Darangen ay kinikilala bilang Meranaw CSI.

May tatlong katangian ang mga CSI, ayon sa dalumat ni Baker (1992); 1) ang konsepto ng CSI ay hindi nakikilala ng target na kultura; 2) ang mga pahayag na walang tunay na kahulugan sa target na wika; 3) ang konseptong nagpapahayag ng isang partikular na katotohanan na nauugnay sa isang espisipikong kultura, sa mga kaugalian, wika o sa kapaligiran. Batay sa nailahad na katangian ng CSI, masasabing ganito rin ang katangian ng Meranaw CSI na nakapaloob sa naturang bahagi ng epikong Darangen. Totoong ang konsepto ng Meranaw CSI ay hindi nakikilala sa kulturang Filipino sapagkat ipinakikita nito ang pekyuliyaridad ng kulturang Meranaw; sapagkat, sinasalamon nito ang kultura, kaugalian

o ang pagkakakilanlan ng mga Meranaw.

Batay sa mga nakalap na CSI mula sa materyal na pinaghanguan ng datos, marami sa mga salita o konseptong nakapaloob dito ang masasabing natatangi sa kulturang Meranaw. Sinasabing natatangi sapagkat naiiba ang konsepto nito kung ikukumpara sa iba. Tunghayan ang ilang halimbawa ng CSI na masasabing hindi nakikilala sa target na kultura o sa kulturang Filipino:

tonong *rido* *sagayan* *lamin* *torogan*

Ang mga halimbawa ng Meranaw CSI na ito ay mga terminong maituturing na natatangi sa kulturang Meranaw na hindi nakikilala sa target na wika (Filipino) kaya nangangailangan ito ng pagsasakultura. Batay sa layunin ng pagsasaling kultural, mahalaga ang pagpapanatili sa mga salitang natatangi sa isang kultural sapagkat nasa salita o termino mismo ang kahulugan nito (Lucero, 2007). Sa madaling salita, mahalaga ang pagsasaalang-alang sa kultural na esensya o halaga ng mga salita sa akto ng pasasalin sapagkat dala-dala ng mga ito ang tradisyon, kaakohan at/o identidad ng mga Meranaw. Ang *lamin* na isang espesyal na silid sa isang *torogan* ay nagpapakita ng pagpapahalag ng kababaihang Meranaw (Camama, 2020) na sumusimbolo rin ng sosyal na estado.

Samantala, ang *tonong* o mga *tonong* ay bahagi ng pamumuhay ng mga Meranaw. Tumutukoy ito sa mga nilalang na hindi nakikita ng mga tao, ngunit pinaniniwalaang kasama silang naninirahan kasama ng mga tao. May sarili silang espasyo sa mundong ibabaw na hindi lantad sa mata ng mga tao. Marami sa mga Meranaw ang naniniwala na tagapag-ingat ng kalikasan ang mga *tonong*, lalo na ang lake Lanao, kung saan naninirahan ang maraming papulasyon ng mga Meranaw. Minsan, sila ang nagbibigay ng kasaganaan sa panahon ng pag-aani (Nolasco, 2004). Ang konseptong ito ay madalas inaakala ng mga hindi Meranaw sa engkanto, ngunit sa pananaw-mundo ng mga Meranaw, hindi lamang engkanto ang mga *tonong* kundi may mahalagang papel na ginagampanan sa buhay ng mga Meranaw. Dahil dito, mahalagang maisakultura ang salitang ito sa akto ng pagsasalin upang hindi mawala ang totoong diwa nito sa buhay ng mga Meranaw.

Ganito rin ang kaso ng salitang *rido* o ang labanan o hidwaan sa pagitan ng dalawang angkan o *bangsa a Meranaw* (Torres, 2024, Ilupa, 2018). Natatangi ang konseptong ito sa kulturang Meranaw na komunidad o lipunang Meranaw lang din ang nakauunawa dito nang lubusan. Minsan, may pagkakataong inuugnay nila ito sa konsepto ng "kalaban" o "kaaway" sa kulturang Filipino, ngunit may natatanging kahulugan ang terminong *rido* na hindi kayang ibigay ng salitang kalaban o kaaway. Samakatuwid, sa konteksto ng pagsasakultura bilang prinsipyo ng pagsasaling kultural, ang pagpapanatili sa mga banyaga ng mga CSI ay higit na mainam. Katulad ng *rido*, natatangi din ang *sagayan* bilang isa sa mga kakaibang gawain o kaugalian ng mga Meranaw. Ang *sagayan* isang sayaw ng pakikipagdigmaang madalas itinatanghal sa isang pagtitipon o *kalilang* upang ipakita ang kadakilaan ng magigiting na mandirigma ng mga Meranaw. Ipinakikita ng naturang sayaw ang nakakamamangha at makukulay na kasuotan ng mga Meranaw na nagsasabing natatangi lamang sa kanilang kultura.

Gayunpaman, hindi sa lahat ng pagkakataon ay mananatiling banyaga ang ilang konsepto sa target na kultura sapagkat may mga konsepto naman na makikita sa pinagsasalinang kultura. Kung papansinin nang maigi, may ilang CSI na kung bibigyan nang malalimang pag-unawa ay matatagpuan din ito sa target na kultura. Tunghayan ang ilang halimbawa ng salita na batay sa kahulugan ay maaaring may katulad na konsepto sa wikang Filipino:

*mono**kolintang**olan**pandi*

Ang ilang salita o konseptong nailahad sa itaas ay ilan lamang sa mga Meranaw CSI na masasabing nakikilala sa kulturang Filipino. Ang salitang *mono* halimbawa ay tumutukoy sa nginunguyang bungang-kahoy o kilala sa tawag na *betelnut* sa wikang Ingles na sa pagkakataong ito ay may katulad din konsepto sa ibang kultura ng mga Pilipino. Ganito rin ang kaso ng *kolintang*, *pandi* at *olan*, na pare-parehong matatagpuan sa target na wika. Ang *kolintang* bilang instrumentong ginagamit ng mga Meranaw ay makikita din sa ibang grupo ng Pilipinas, partikular na ang ilang Lumad. Ang *pandi* o bandila sa wikang Filipino ay may halos katulad din na konsepto sa ibang kultura; nagkakaiba lang sa kulay at sa disenyo, at gayon din ang *olan*, na nangangahulugang buwan sa wikang Filipino, o *bulan* sa wikang Cebuano.

Kung isasalin sa wikang Filipino ang mga nabanggit na ilang CSI, ang nagiging tanong ngayon ay kung magiging tapat pa rin ba dapat sa wikang Meranaw na katulad ng mungkahing *pro-source* ni Toury ang pagsasalin ng mga nailahad na termino gayong maaari namang tumbasan ng katumbas na konsepto, gamit ang target na wika ang mga CSI? Pananatilihin pa rin ang pagsasakultura sa mga termino na alinsunod sa foreignization ni Venuti o di kaya ay idadaan sa pagsasakonteksto sa parehong wika at kulturang kasangkot na maaaring isalok al batay sa konsepto ni Venuti na domestication na magpapa-pro-target sa pagsasalin? Matatandaang nosyon din ng mananaliksik ang kontekstuwalisasyon bilang mahalagang proseso ng pagsasalin sa mga terminong natatangi sa isang kultura. Tinitindigan ng pagsasakonteksto ang pagsasalin na nagbibigay konsiderasyon sa kontekstuwal na salik bilang mahalagang prinsipyo sa pagsasaling kultural.

Sa konteksto ng pagsasaling kultural, mahalagang binabalikan lagi ang pinakalayunin ng tagasalin sapagkat nakadepende sa rito kung papaano niya itatawid o itinatawid ang kulturang nakapaloob sa isinasaling teksto. Kung ang pinakalayunin ay maitawid ang pangkalahatang kultura ng simulaang wika, kinakailangang pairalin ang prinsipyo ng pagsasakultura. At sa ganang ito ay kinakailangan ang masinop na pagtutumbas sa mga CSI bilang integral na bahagi ng tekstong kultural.

Sa kabilang banda, hindi rin dapat naisasantabi ang katotohanang ang lahat ng mga wika sa Pilipinas ay nagmumula sa iisang angkan (Awstronesyo) kaya hindi maiwasang may mga pagkakatulad ang mga terminolohiya. Sa perspektiba ng dayalektolohiya, o ang pag-aaral sa pagkakatulad at pagkakaiba ng mga wika, lumalabas na may mga salitang pare-pareho sa mga wika lalo na kung magkakamag-anak ang mga ito, o nagmumula sa iisang angkan. Ang linggwistikong katangiang ito ng mga wika sa Pilipinas ay pinatutunayan ng ilang CSI na may katulad din konsepto o pagpapakahulugan sa ibang kultura, bagama't minsay

magkakaiba ang katawagan, gaya ng kaso ng *olan* ng mga Meranaw at bulan sa Cebuano, o *moon* sa wikang Ingles.

Samakatuwid, hindi sapat ang pag-alam lamang sa katangian nailahad sa unahan kundi kinakailangan din ang kinabibilangan kultural na kategorya ang mga CSI upang lubusan maunawaan saan at kung anong pagkakataon nagkakapareho ang konsepto ng CSI ng mga wikang nagmumula sa iisang angkan, gaya ng Meranaw at iba pang mga wika ng Pilipinas.

Maliban pa sa tatlong nailahad na katangian ng Meranaw CSI sa bahagi ng epikong Darangen, lumalabas na may dalawang anyo ang Meranaw CSI, salita at parirala na maaaring literal at patayutay o idyomatiko. Ibig sabihin, may mga salitang CSI na may literal na kahulugan at mayroon namang salitang patayutay o idyomatiko, at mayroon pariralang may literal na kahulugan at pariralang-idyomatiko. Ang dalawang anyong nabanggit ay maituturing na katangian din ng Meranaw CSI na nakapaloob sa Episod 2 ng Volyum V ng epikong Darangen.

Mga salita o terminong CSI

Mayaman sa mga salita o terminong CSI ang epikong Darangen. Pinatutunayan ito ng mga nakalap na datos mula sa materyal. Ilan sa mga halimbawa nito ang mga salitang *kilat*, *olan*, *rido*, *tonong*, *ayonan*, *datu*, *bae*, *lotang*, *baris*, *mono*, *batara*, *sagayan*, *kolintang* na pare-parehong terminolohiyang natatangi sa wika at kulturang Meranaw. Ibinubunyag ng mga halimbawang Meranaw CSI na ito ang natatanging kultural na kaakohan at tradisyon ng mga Meranaw.

Batay sa pagsasakonteksto nito sa epikong Darangen, ilan sa mga salitang ito ay may higit sa isa ang kahulugan. Katulad ng ibang wika, mayaman din sa semantikal na pagpapakahulugan ang Meranaw CSI. Halimbawa ang salitang *olan* na nangangahulugang buwan kaya nasa kategorya ng ekolohiya, na ginamit din bilang pantawag sa taong pinakamamahal. Ganito rin ang kaso ng salitang *bolawan* na sa nangangahulugang ginto (materyal na kultura) at maaaring gamiting pantawag sa isang *bai* o ang babaeng pinakamamahal (konsepto ng pagpapahalaga).

<i>olan</i>	buwan (ekolohiya)
<i>olan</i>	babaeng itinatangi o pinakamamahal (konsepto
<i>bolawan</i>	ginto (materyal na kultura)
<i>bolawan</i>	taong minamahal (konsepto ng pagpapahalaga)

Mga pariralang CSI

Maliban pa sa mga salita, mayaman din sa parirala ang mga CSI ng wikang Meranaw. Kapansin-pansin ito sa mga nakalap na mga CSI. Madalas ang mga salita ay itinatambal sa ibang salita kaya nagkakaroon ng panibagong diwa o kahulugan. Ganito ang kaso ng terminong *olan* na nangangahulugang buwan sa Filipino na itinatambal sa salitang *bai* kaya naging *olan bai* na nagkaroon ng kahulugang "itinatanging dilag" o katulad ng konsepto ng

prinsesa ng kanluranin. Sa pagkakataong ito, ang salitang *olan bai* ay nabibilang na sa mga kultural na konsepto ng mga Meranaw, samantalang ang *olan* ay nauuri sa categoryang ekolohiya.

Salita

olan

batara

Parirala

olan bai

Batara Disomangkop

Samantala, may pagkakataong higit na mabibigyang diin ang ibig ipakahulugan ng konsepto kaya hindi sapat ang salita o termino lamang. Ganito ang kaso ng ilang pariralang CSI tulad halimbawa ng *mosala ko orayan* na ayon sa Darangen ay isang ginintuang panyong nakalagay malapit sa kama upang magamit ng mga maharlika ng tao. Ang pariralang ito ay pantawag sa isang espesyal na uri ng *mosala* o panyo. May pagkakataon naman na ginagamit ang salitang *mosala* subalit sa kaso ng pariralang *mosala ko orayan* ay higit na nagbibigay emphasis sa pagiging espesya nito mula sa iba pang panyo.

Idyomatiko (patayutay) na CSI

Maliban pa sa literal na CSI, mayaman sa idyomatikong pahayag ang wikang Meranaw. Katunayan nito, marami sa mga nakalap na datos ay nasa anyong idyomatikong pahayag. Ang mga idyoma ay di-tahasan o di-direktang pagpapahayag nang gustong sabihin. Matatatlinghaga itong pahayag na malayo sa literal na kahulugan ng mga salita. Ayon kay Baker (1992), ang mga idyoma ay mga ekspresyong binubuo ng mga *culture-specific items* na mahirap tumbasan sa ibang wika. Mahirap daw isalin sapagkat wala itong katumbas na kaparehong idyoma sa ibang wika. Gayunpaman, maaari maisalin ang mga idyoma sa pamamagitan nang pagtutumbas sa kahulugan nito. Ganito rin ang pahayag ni Larson (1984) na diwa o kahulugan ang isinasalin ang hindi ang salita mismo. Isa pang suliranin sa idyomatikong pahayag ang pagkilala sa mga ito. Ibig sabihin, papaano masasabing idyomatiko ang pahayag? Ang suliraning ito ay sinasagot ng konsepto ni Baker (1992) hinggil sa limang categorya ng idyoma: *colloquialisms, proverbs, slang, allusions at phrasal verbs*. Ang categoryang ito ang nagsisilbing batayan sa pagtukoy ng mga idyomang pahayag.

Kaugnay nito, narito ang ilang idyomatikong pahayag ng wikang Meranaw na makikita sa orihinal na teksto. Tingnan ang mga sumusunod na halimbawa:

baya a katamanan (kabilang-buhay)

bolawan sa dar (pinakamamahal)

aloyanan a gabon (himpapawid)

Madalas makita ang mga pariralang idyomatiko sa categoryang pananaw at konsepto, kasama na ang ekolohiya. Madalas ang mga pariralang idyomatiko ay pinagtambal na mga salita na may kanya-kanyang kahulugan. Ganito ang kaso ng pariralang *aloyanan a gabon* na sa literal na pagpapakahulugan ay "daanan ng ulap" ay dahil patayutay ito, nangangahulugan itong himpapawid. Mula ito sa *aloyanan* o daanan sa wikang Filipino at *gabon* /gě.bon/ na nangangahulugan ulap, kaya sa literal nitong kahulugan ay "daanan ng ulap".

Ang mga halimbawang nasa itaas ay mga paririlang idyomatiko na nagpapakita ng katangian ng wikang Meranaw. Tulad din ng ibang wika sa Pilipinas, ang idyomatikong Meranaw ay mga salitang pinagsama-sama na lumilikha ng bagong kahulugan.

Gayunpaman, hindi lamang sa mga pariralang makikita ang mga idyomatiko pahayag, maging sa salita ay mayroon din sa wikang Meranaw. Tulad ng salitang *olan*, na sa literal nitong pagpapakahuluga, tumutukoy ito sa buwan, subalit batay sa konteksto ng pagkagamit nito, hindi literal ang salitang ito kundi patayutay. Batay sa sipi, mapapansing ang salitang *olan* ay tinumbasan ng prinsesa sa target na wika, na sa pagkakataong ito, hindi literal na CSI kundi isang salitang idyoma. Pansinin ang siniping linya ng epiko.

Orihinal

*"Na isaelaw so sonor
A kalilang mindamedag
Ka an matanto ranon
So kasapari a sangkad
Sa Komenekeneg a Ig
Na ongangen ka Damedag
Ka o di kapanimbangi
Sa kariwani ki **olan**
Na ipaelaod iyan den
So piyakangaring iyo"*

Salin

*"Upang isakatuparan ang kasalan,
Ang isang malaking selebrasyon
Bilang tanda ng isang
Mangyayaring kasalan
Na magaganap dito
Sa Komenegkeneg a ig.
Mag-isip ka Damedag,
Sapagkat kailangan mong suyuin
Muli ang aming prinsesa
Sapagkat nais niyang putulin
Ang inyo nang napagkasunduan."*

Sa pangkalahatan puna, maliban sa pasasaalang-alang sa katangian ng Meranaw CSI bilang malahagang proseso sa pagsasalin nito sa target na wika, kasama rin sa hindi dapat makaligtaan ang pag-alam sa anyo ng CSI kung ito ba ay pa-literal na salita o pahayag o di kaya'y idyomatiko o patayutay bago ito maiklasipika. Sa madaling salita, sa pagkaklasipika ng Meranaw CSI, parehong dapat napahahalagahan ang katangian ng CSI at ang anyo o uri nito upang maunawaan ang kahulugan ng isang salita o konsepto bago ito maihanay sa kung anong kategorya ito nauuri o nabibilang. Mahalaga ang pagkakaklasipika sa mga natatanging kultural na termino o pahayag (CSI) sa pagsasaling kultural sapagkat maaari itong batayan ng magiging pasya ng tagasalin kung papaano niya ito tutumbasan sa target na kultura. Ibig sabihin, kung papanatilihin ba niya ito katulad ng kaso ng mga CSI na nabibilang sa materyal na kultura o isasalokali katulad ng sa kategorya ng ekolohiya?

Klasipikasyon ng Meranaw CSI at pamamaraan ng pagsasalin nito

Batay sa pagsusuri ng mananaliksik sa mga nakalap na CSI, nahahati rin sa limang kategorya ng kultural na konsepto ang CSI ng mga Meranaw. Ito ay ang Ekolohiya; Materyal na kultura; Organisasyon panlipunan, Kaugalian, Gawain at Pamamaraan; Pananaw, Ideya at Konsepto, at mga Pangngalang pantangi na nauuri sa pangalan, palayaw, ranggo ng tao, at lugar. Ang kategorya na nasa ilalim ng Organisasyon panlipunan, Kaugalian, Gawain at Pamamaraan ay sumasalamain sa din sa kulturang panlipunan, samantalang ang kategorya naman ng Pananaw, Ideya at Konsepto nakapaloob ang lahat ng konsepto na may kinalaman sa pangkalahatang pananaw ng mga Meranaw, kasama na rito ang konsepto ng pag-ibig, ganda, pagpapahalaga at marami pang iba. Samantala, karamihan sa nakuhang CSI ay nabibilang sa pangngalang pantangi. Halos katulad ito sa natuklasan ni Esconde (2023) sa kanyang pag-aaral kung saan sinasabing higit din pinahahalagahan sa kulturang Meranaw ang kanilang pagpapangalan.

Madalas ang mga CSI ng Meranaw ay nagkakaroon ng bago o panibagong kahulugan kapag naikakabit ito sa ibang termino. At dahil lumilikha ng bagong kahulugan, nagkakaroon ng bagong kategorya. Batay pa rin sa pagsusuri, lumalabas na mga salita, parirala, literal at patayutay o idyomatiko ang mga ito. Masasabing makulay ang wikang Meranaw sapagkat mayroon mga salitang nag-iiba ang kahulugan batay sa paraan nito ng paggamit. Ibig sabihin, maaaring may isang salita na nagbabago ang kahulugan batay sa kinabibilangan nitong kategorya.

Batay sa pagsusuri ng datos, mapapansin na ang isang CSI ay maaaring mauri sa higit sa isang kategorya sapagkat magkaiba ang pagpapakahulugan ng mga ito. Sa ganang ito masasabi na ang klasipikasyon ng Meranaw CSI ay maaaring mabago nakadepende sa paggamit ng mga CSI batay sa semantikal nitong gamit. Halimbawa nito ang salitang *olan* na nasa kategorya ng Ekolohiya; tumutukoy sa buwan (moon) at Konsepto; tumutukoy sa isang dilag o babae, sapagkat magkaiba ang semantikal nitong gamit. Samakatuwid, mahalaga ang pagsasakonteksto ng mga CSI upang matukoy ang kultural nitong kategorya.

Kaugnay nito, papaano nga ba dapat isinasalin ang mga CSI? Kahulugan o ang anyo ng salita, alin ba dapat ang dapat isinasalin? Kung si Mildred Larson; isang iskolar at dalubhasa sa araling pagsasalin ang tatanungin, pagsasalin sa kahulugan, diwa at mensahe ang pinakamahalagang elementong dapat naisasalin. Hindi ang anyo ng teksto kundi ang mensahe nito. Sa konteksto ng pagsasakultura sa akto ng pagsasalin, may mahalagang papel na ginagampanan samakatuwid ang semantikal na aspekto sapagkat nakapaloob sa kahulugan ang maaari ipahiwatig ang nakatagong kahulugan ng CSI.

Dahil ipinamamalagay na isang akto ng kros-kultural na pakikipagtalastasan ang pagsasalin kung saan nagkakaroon ng ugnayan ang magkaibang kultura, mahalagang maintindihang bahagi sa dapat isaalang-alang ng tagasalin ang pag-unawa sa mga salik-kultural, gaya ng paniniwala, kaugalian, valyu, tuntunin at iba pa. Dahil dito, ang mga CSI na kumakatawan sa mga nabanggit na salik-kultural ay nangangailangan nang lubos na pag-unawa nang sa gayon ay maisalin ang mga ito ayon sa pagpapakahulugan nito.

Kaugnay nito, nagiging batayan at/o sandigan sa pagsasakultura ang konsepto ni John Dryden na *Imitasyon* bilang prosesong dapat pinagdadaanan ng pagsasaling kultural (Almario, 2016). Ibig sabihin, ang pagsusuri at interpretasyon ng mananaliksik ay nakaayon sa pamantayan ng naturang prinsipyo. Kaya naman, magiging batayan sa pagsusuri ang nailahad at nailarawang katangian ng Meranaw CSI kung saan sinabing may sarili itong katangiang natatangi lamang sa mga Meranaw; at mayroon din itong anyo na nasa literal na mga salita o parirala o patayutay o pa-idyomatikong parirala na nauuri sa limang kategorya: ekolohiya, materyal na kultura, organisasyong panlipunan, pananaw at konsepto, at mga panggalang pantangi.

Batay sa ginawang pagsasalin ng tagasalin na si Asst. Prof. Padate, mapapansin na walo ang nagamit niyang teknik: ang cultural equivalent, transference, transonym, descriptive equivalent, functional equivalent (amplipikasyon) at reduction, addition (expansion) at couplet. Ang nagamit na mga teknik at kaparaanan ay maaaring ayon sa pinakalayunin ng tagasalin. Matatandaang maraming iminumungkahing teknik si Newmark subalit base sa naging kaparaanan ng tagasalin, walo ang ginamit at pinakinabangan. Batay sa panayam mula sa tagasalin, pangunahin layunin niya na maitanghal ang mayamang kultura ng mga Meranaw. Kaya maaaring sabihin na nakabatay sa kanyang layunin ang pagsasaling ginawa kasama na ang pagpili sa mga teknik pampagsasalin. Kaya naman sa pagsusuri sa kanyang salin, may pinanatili at mayroon namang tinumbasan nang kaparehong konsepto sa wikang pinagsalanan. Pero ang tanong ngayon ay paano kinakatawan ng pagtutumbas sa mga CSI ang mayaman at natatanging kulturang Meranaw? Paano pinahalagahan ang mga teknik sa pagsasakultura ng mga CSI bilang mga sandata sa proseso ng pagsasakultura? Sapat ba ang mga teknik na ginamit sa pagtawid ng kultural ng kaakohan ng mga Meranaw sa target na kultura?

Sinasabing nagkakaroon ng kultural na manipulasyon ang pagsasaling kultural sa pamamagitan ng malayang pagpili ng mga teknik at estratehiyang ginagamit sa pagtutumbas ng mga CSI batay sa pangunahing layunin ng tagasalin. Mahalaga ang manipulasyon sa pagsasalin ng CSI dahil ito ang proseso ng pagmamaniobra sa pagsasakultura ng mga salita, gayon pa man, hindi dapat mabalewala ang pinakalayunin ng pagsasalin na hindi lamang dapat pagsasaalang-alang sa pagsasakultura ng mga konsepto kundi maging ang pag-unawa ng mga mambabasa. Nangangahulugan, hindi sapat na sabihin na ang prinsipyong tinitindigan ng kulturalisasyon ay pagmamaniobra o pagmamanupula sa mga CSI na pumapanig sa simulaang kultura, kundi dapat ay may sapat na basehan kung bakit ito ang nararapat. At ang basehang ito ay nakaangkla at umaayon sa perspektiba at pananaw-mundo ng kulturang nagmamay-ari ng teksto.

Kaugnay nito, sinipat mula sa ginawang pagsasalin ng mga CSI ang naging teknik sa pagsasakultura ng mga ito. Mula rito ay napapansing may malaking papel na ginagampanan sa pagsasalin ng mga CSI ang kinabibilangan nitong kategorya. Dagdag pa rito, higit na naisasakonteksto ang pagsasakultura sa mga natatanging kultural na termino kung kikilalanin ang gamit ng isang partikular na termino o konsepto. Kaya, mapapansin sa ibaba ang iba't ibang sinaryo o pagkakatao na nagpapakita ng marapat na pagmamanipula ng mga CSI, sa paraang tekstuwal at kontekstuwal bilang mahalang salik sa pagsasakultura ng mga CSI. Ginamit na batayan sa pagsusuri ang klasipikasyon ng mga CSI bilang mahagalang katangian

ng Meranaw CSI.

Materyal na kultura

Ang materyal na kultura ay isa sa mga komponent ng kultura. Ito ay ang mga artifak tulad ng pagkain, damit, kabahayan, paraan ng transportasyon at mga kasangkapan (Newmark, 1988). Batay sa pagsusuri sa mga nakalap na datos mula sa ginamit na materyal, lumalabas na punong-puno ito ng mga CSI na nabibilang sa kategoryang materyal na kultura. Maituturing na pekyuliyar ang mga CSI na nasa kategorya ng materyal na kultural sapagkat sinasalamin nito ang natatanging tradisyon o kaugalian ng isang pangkat. Kaya, ang mga CSI na nabibilang sa kategoryang ito ay isa sa mga suliraning malaki sa pagsasalin nito sapagkat madalas itong hindi makikita o matatagpuan sa ibang kultura. Kaya naman, sa pagsasakultura bilang isang prinsipyo sa pagsasalang kultural, mahalagang pagtuunan ito ng pansin kung papaano ito naitatawid sa pagsasalin sapakat ibinubunyang nito ang pagiging natatangi ng isang etnolinggwistikong pangkat, katulad na lamang ng mga Meranaw.

Kaugnay nito, marami sa nakalap na CSI mula sa bahagi ng epikong Darangen ng mga Meranaw ay kabilang sa mga materyal na kultura. Halimbawa nito ang mga salita gaya ng *torogan*, *kelong*, *agong*, *kampilan*, *lamin*. Ang mga CSI na ito ay sumasalamin sa natatangi, makulay at mayamang kulturang Meranaw. Maaaring sabihin na natatangi lamang sa kulturang Meranaw kaya ang pagpapanatili sa mga ito ay malaking tulong sa pagpapakilala ng kulturang Meranaw gaya halimbawa ng salitang *torogan*. Ang salitang ito ay mula sa salitang *torog* na nangangahulugang tulog na nilapian ng panlaping *-an* kaya naging *torogan* o tulugan sa wikang Filipino. Sa kulturang Meranaw, hindi simpleng bahay o tulugan lamang ang *torogan* kundi sumisimbolo ito ng estadong panlipunan, karangyaan at kapangyarihan sapagkat yaong mga maharlika lamang ang may kakayahang magkaroon at manirahan sa *torogan*, kagaya na lamang ni Bantogen at ng kanyang pamilya na kilalang mayaman at makapangyarihang angkan ng Ilian a Bambaran. Isa ang *torogan* sa nagpapakilala ng mayaman at makulay na kulturang Meranaw, kaya kasama ito sa dapat naisasakultura sa proseso ng pagsasalin.

Batay sa paglalarawan sa *torogan*, maaari itong ihalintulad sa konsepto ng "mansiyon" o "palasyo" ng kanluraning pamamahay kung ang pag-uusapan ang gamit o tungkulin nito bilang isang tahanan dahil pareho itong pinaninirahan ng mga taong may dugong maharlika. Pareho itong tahananang sumisimbolo ng karangyaan at parehong nagpapakita ng panlipunang estado. Sa ginawang pagsasalin ng tagasalin ng ginamit na materyal, pinanatili niya ang salitang ito bagay na sinasang-ayunan ng mananaliksik kung ang pag-uusapan ay ang pagsasakultura sa akto ng pagsasalin. Bagama't madalas itong tumbasan ng ilang tagasalin ng salitang "mansyon" ay hindi maikakailang tinataglay nito ang kulturang Meranaw. Samakatuwid, hindi kayang ipakahulugan nito ang totoong kahulugan ng salitang *torogan* bilang isang tahanan o bahay ng mga Meranaw. Hindi nito maipapakita na ang *torogan* ay sumisimbolo ng natatanging kulturang Meranaw na umiiral bago pa man dumating ang mga dayuhan. Maliban pa rito, ipinakikita rin ng *torogan* ang estadong panlipunan ng mga Meranaw dahil sumisimbolo ito ng karangyaan, ng estado.

Sa kabilang banda, ang salitang *lamin* naman tumutukoy sa isang espesyal na silid,

madalas sa tuktok ng isang *torogan* na maituturing na isa sa pinakanatatangi sa kulturang Meranaw. Ang *lamin* ay isang kwarto kung saan naninirahan ang itinatanging babaeng Meranaw o ang tinatawag na *liyamin* (Camama 2020) na gaya ni Lawanen, kapatid ni Paramata Bantogen at Paramata Gandingan na isa sa mga asawa ni Bantogen. Ang paglalaman sa babaeng Meranaw ay isang kaugalian ng mga Meranaw bago pa man ang dumating ang Islamikong katuruan (Camama, 2020). May malaking tungkulin ang *lamin* sa kulturang Meranaw sapagkat nagpapakita ito kung gaano pinahahalagahan ang babaeng Meranaw sukdulang maglaan ng isang espesyal na kwartong para sa kababaihan. Ayon kay Mapandi, banggit sa Sarip (2013), ang babaeng Meranaw ay itinatangi tulad ng isang hiyas, kaya madalas ang inilalagay sa *lamin* ay mga anak na babaeng pinakamamahal at iniingatan (Camama, 2020). Patunay rito ang papel na ginagampanan ng kababaihang gaya ni Lawanen, Gandingan at Lumna sa epikong Darangen. Kinikilala sila bilang mahalagang kasapi ng kanilang lipunan. Tulad ng *torogan*, sumisimbolo rin ng *lamin* ang pagpapahalaga, kapangyarihan at karangyaan para sa kababaihan. Makikita sa Figyur 3 ang larawan ng isang ginawang *torogan* at *lamin* na makikita sa loob ng Aga Khan Museum, MSU-Main, Marawi City.

Sa konteksto ng pagsasaling kultural, ang salitang *torogan* at *lamin* ay ilan lamang sa representasyon ng materyal na kultura ng mga Meranaw na nararapat mapanatili sapagkat dala-dala nito ang mayamang kulturang Meranaw. Ayon nga kay Lucero (2007), mahalaga ang pagpapanatili sa mga terminong kultural sapagkat kadalasan nasa salita mismo ang kahulugan nito. Samakatuwid, kung pag-uusapan ang kulturalisasyon bilang prinsipyo sa pagsasalin, pumapanig ang mananaliksik sa pagiging tapat sa orihinal na teksto. Ang konsepto ng katapatan ay maaaring sabihin, pagpapanatili sa mga CSI mayroon ang simulaang wika (SW). Kung usapin nga ng pagsasakultura ang layunin ng pagsasalin, iminumungkahi ang kaparaanang ito. Gayunpaman, kung sakaling ipipilit ang pagsasalokal ng terminong ito, maaaring sa paraang palarawan sapagkat walang salita o termino sa Filipino ang maaaring panumbas dito. Kung bibigyang puwang ang pag-unawa ng mga mambabasa, ang pagpapanatili na may deskriptibong panumbas ay maaaring gamitin.

Sa kaugnay na usapin, sa *torogan* din makikita ang iba't ibang bagay na tanging sa Meranaw lamang; *kolintang* at *agong*; mga instrumentong yari sa tanso o ginto, *tabak*, kagamitang pangkusina na yari din sa tanso o ginto, maaari itong ihalintulad sa gamit na *tray*, *okir*; isang uri ng disenyong awtentikong produkto ng sining ng mga Meranaw. Makikita sa sa figyur 3 ang *kolintang* at *agong* na masasabing may yunik na disenyo. Kung sakaling magdaragdag ng paglalarawan, makatutulong ang pagkilala sa mga ito upang magkaroon ng wasto at tumpak na paglalarawan.

Maliban pa sa *kolintang* at *agong*, sa *torogan* din makikita ang iba't ibang sandatang pandigma, gaya ng *kelong* /kə.lɔŋ/, at *kampilan*. Magka-ugnay ang mga terminong ito. Mga gamit itong pandigma na pinanatiling ang pagiging banyaga na makatutulong na maikintal sa mambabasa na mga Meranaw ay mayroon ding orihinal na sandatang pandigma. Ang *kampilan* ay isang sandatang yari sa bakal na minsa'y may halong ginto. Ito ang pangunahing sandata ng mga Meranaw sa pagsugpo ng kalaban. Kapares nito ang *kelong* o ang matibay na pananggagang yari sa kahoy na may iba't ibang disenyo. Kung tutusin, ang *kelong* ay maaaring maitulad sa "shield" ng mga kanluranin, subalit, naiiba ang *kelong* ng Meranaw dahil sa

taglay nitong disenyo na sa Meranaw lamang makikita, kagaya ng *okir* at mga kulay nito. Ang dalawang gamit pandigma o sandatang ito bagama't may katulad na konsepto sa ibang kultura ay nagpapakita ng kaakohang Meranaw. Ang pagpapanatili nito sa target na wika ay nagpapakita ng pagiging matapang ng mga Meranaw, na katangian bahagi ng kanilang pagkakakilanlan. Ito ay sumisimbolo ng katapangan ng mga Meranaw. Isa ang katangiang ito sa lumalabas na katangiang taglay ng mga Meranaw ayon sa pag-aaral ni Sarip (2013). Samakatuwid, ang mga sandatang ito ay may malaking gampanin sa pagkilala sa ugaling Meranaw. Kaya, kung pagsasakultura ang pag-uusapan, ang pagpapanatili sa mga salitang ito ay makatutulong nang malaki upang maikintal ang nakatagong kahulugan nito.

Sa kabilang banda, may ilang salitang CSI na mas piniling tumbasan sa target na wika ng tagasalin kaya ginamit niya ang teknik na *cultural equivalent*. Ilan sa mga salitang ito ang *mono*, *baris*, *biday* at iba pa. May mga pagkakataon isinasaalang-alang ng tagasalin ng pagiging himig natural ng salin kaya sa halip na panatilihin ang isang termino ay sinisikap na matumbasan ito sa kaparehong konsepto sa target na wika. Pansisnin ang siniping bahagi ng epiko:

Orihinal	Salin
"Na panaman a Damedag	"Mahal na <i>Prinsipe</i> ,
Na pangombongi ngka dato	Iyo sanang tanggapin
So piyangambar a <i>mono</i> "	Itong nakahandang mama .

Ang salitang *mono* na tumutukoy sa nginunguyang bunga ng kahoy; *betelnut* sa Ingles ay hindi lamang sa kulturang Meranaw umiiral kundi komon ito sa mga katutubong Pilipino. Kilala ito sa tawag na *mama* /ma.ma?/ sa wikang Tagalog. Sa pagkakataong ito, ang pagtutumbas nito ng *mama* /ma.ma?/ sa target na wika ay hindi katulad ng impak ng pagpapanatili ng salitang *torogan* at *lamin*, na mawawala ang isensya kung pipilitin itong tumbasan ng mansyon o palasyo sapagkat natatangi itong kulturang Meranaw. Gayunpaman, ang pagpapanatili sa CSI na ito ay nangangahulugan lehitimong bahagi ng kulturang Meranaw ang pagnunguya ng *mama*, gaya ng iba pang katutubong pangkat. Mas lalo nito pinatitibay ang batayan ng pagiging katutubong pangkat ng mga Meranaw dahil sa kaugaliang ito, na katulad na kaugalian ng iba pang pangkat-etniko ng bansa. At sa puntong ito ay magbibigay-diin sa ideyang materyal din itong kultura ng mga Meranaw. Kaya naman sa ngalan ng pagsasakultura, mahalaga ang pagpapanatili sa mga CSI na bahagi sa materyal na kultura ng mga Meranaw sapagkat pinatitibay nito ang makasaysayang kaakohan na natatangi lamang sa kulturang Meranaw.

Bilang paglalahat, ang pagpapanatili sa mga CSI na kabilang sa kategorya ng kultural na materyal ay may malaking impak sa pagsasakultura. Nagbibigay ito nang higit na impasis sa kaakohang tinataglay ng mga Meranaw. Batay rito, iminumungkahi na sa pagsasalin ng mga CSI na kabilang sa kategoryang ito, mahalaga ang pagpapanatili sa mga ito. At upang bigyang konsiderasyon ang pag-unawa ng mga mambabasa, maaaring gumamit ng mga deskriptibong parirala na makatutulong upang maunawaan ng mga mambabasa ang mga CSI

na tahasang hiniram sa simulaang wika. Kaya, maaaring gamitin ang teknik na *transference* at *descriptive equivalent* bilang magkatuwang na teknik sa pagsasakultura. Ang teknik na *transference* ay ginagamit kung ang pag-uusapan ay ang pagiging tapat sa orihinal. Tinatawag din itong *adoption*, *transcription* o *loan words* (salitang hiram) na ang ibig sabihin ay ang paglilipat o panghihiram ng mga kultural na salita mula sa simulaang wika (SW) patungo sa target na wika (TW) (Kuleli, 2019). Mahalaga ang teknik na ito lalo na sa mga salitang pekyuliyar sa isang wika. Samantalang, ang *descriptive equivalent* o tinatawag din na amplipikasyon ay teknik na nagbibigay ng katumbas na kahulugan sa pamamagitan ng depinasyong naglalarawan, gaya ng paggamit ng noun-phrase o adjectival clause (Kuleli, 2019).

Organisasyong panlipunan, kaugalian, pamamaraan

Ang kulturang Meranaw ay may sarili ring anyo ng organisasyon panlipunan at kaugalian. Kabilang sa categoryang ito ang politikal at administrasyon, relihiyon, at sining (Newmark, 1988). Marami sa mga nakalap na Meranaw CSI ang nabibilang sa categoryang ito kaya naman ang pagsasalin sa mga CSI sa ilalim nito ay nangangailangan din ng matalinong pagtitimbang-timbang kung papaano ito dapat isinasalin o inililipat sa target na wika o kultura.

Mapapansin sa mga CSI sa ilalalim ng organisasyon panlipunan ang mga katawagang hindi na gaano naririnig sa bibig ng panahong kasalukuyan o maging sa pamumuhay o kulturang Meranaw sa mga panahon ngayon, kaya kapuna-puna batay sa ginawang pagsasalin ng tagasalin na ilan sa mga CSI ang piniling tumbasan sa target na wika gamit ang teknik na *cultural equivalent* o kultural na katumbas. Kung ang layunin ng pagsasalin ay ipaunawa lamang ang kulturang nakapaloob sa teksto, ang teknik na ito ay mainam na gamitin (Kuleli, 2019). Kung ang pagbabatayan ang layunin ng tagasalin, hangad niyang maipakilala ang kulturang Meranaw sa paraang mauunawaan ito kaya pinili niyang tumbasan ang mga CSI sa pinakamaunawaan ng mga target na mambabasa. Ilan sa mga salitang ito ay *damedag* /da.mə.dag/, *batara*, *ayonan*, *walain*, *dato*, at iba pa. May mga pagkakataon isinasaalang-alang ng tagasalin ng pagiging himig natural ng salin kaya sa halip na panatilihin ang isang termino ay sinisikap na matumbasan ito sa kaparehong konsepto sa target na wika. Pansisnin ang siniping bahagi ng epiko:

Orihinal	Salin
"Na panaman a Damedag	"Mahal na Prinsipe ,
<i>Na pangombongi ngka dato</i>	Iyo sanang tanggapin
<i>So piyangambar a mono"</i>	Itong nakahandang mama.

Ang salitang *damedag* ayon sa diksyonaryong *Lexicon of Classical Literary Maranao Words and Phrases* ay nangangahulugang *famous*, *prestigious* o *honorable*. Sa madaling salita, ginagamit ito bilang pantawag sa mga kilalang indibiduwal na taglay ang nabanggit na katangian. Kaya sa kontekso ng epikong *Darangen*, si Bantogen na nagtataglay ng mga

nabanggit na katangian ay kilala din sa tawag na *Damedag* /da.mə.dag/. Samakatuwid, magkaiba ang konsepto ng prinsip; na batid nang mula sa kanluranin kultura at *damedag*. Sa ganang ito masasabi na bagamat naging himig natural ang salin, may umaalingawngaw na naisantabing mensahe na dala-dala ng naturang salita. Sa pagsasakultura nito, hindi rin bahagi ng kulturang Pilipino ang konsepto ng prinsip. Ito ay isang kanluraning banyaga na itinatapat sa konsepto ng *damedag*. Ang pagtumbas nito ng prinsip ay maaaring natural sa mga mambabasa subalit nawawala ang tunay na esensya ng salita na dapat hindi naisasantabi. Samakatuwid, ang pagpapanatili sa termino ay higit mainam dahil natutumbasan nito ang nakatagong mensahe dala-dala nito.

Isa pang CSI na nangangailangan ng pagsasakultura ang mga salitang *ayonan* at *walain*. Magkaugnay ang mga termino sapagkat sila ang kinikilalang mag-asawang pinakamakapangyarihan sa *bangsa a Meranaw*. Ang *ayonan* ang lalaking pinakapinuno ng *maginged* (bayan) at asawa niya ang *walain*. Kinikilala ang tungkulin ng *ayonan* bilang tagapamahala ng bayang kanyang nasasakupan. Siya, katuwang ng mga *datu* na nagpapasya sa pinakamahalagang desisyon, gaya ng kanilang dapat makikipagdigma na tema ng bahaging epikong *Magoyod a Selegen ago Komenekeneg a ig*. Siya ang itinuturing na "hari" ng kanyang lugar at ang kanyang asawa, ang *walain* ang nagsisilbing "reyna". Sa ginawang pagsasalin ni Asst. Prof. Padate, pinili niyang tumbasan ang dalawang termino gamit ang mga salitang nakikilala ng mga mambabasa, ang hari at reyna. Tulad ng prinsip, parehong kanluraning kultura ang pagkakaroon ng hari at reyna, kaya kung pagsasakultura ang pag-uusapan, maaaring nabigyan ng bahagyang diwa ang mga termino ngunit hindi ang nakatagong diwa nito. Diwa na nasasapol lamang kung mapapanatili ang orihinal na salita.

Naniniwala si Lucero (2007) na nasa salita mismo ang kahulugan kaya dapat nagiging maingat sa pagtutumbas ng mga CSI. Halimbawa nito ang salitang *pandang* na nangangahulugang kasambahay o katulong sa Filipino. Isa ang salitang ito sa piniling isalokal ng tagasalin kaya ginamitan ng teknik na *functional equivalence*. Pagsasalin ito na ibinibigay ang higit na gamitin at tinatanggap na katumbas o kahulugan. Tinatawag din itong pagdede-kulturalisa (Kuleli, 2019). Ang nagiging tanong ngayon ay kung sapat bang dahilan ang maunawaan lamang ang konsepto? Paano bibigyang puwang ang kultural *motif* mayroon ang mga salita o termino? Mahalaga ang pagbibigay konsiderasyon sa nailatag na katanungan sapagkat usapin ng masining at maagham na nagpapasya ang pagsasalin. Ang totoo, wala namang masama sapagkat tumpak naman ang leksikon na ginamit, ngunit kung iisiping maigi, may nakatagong kahulugan ang salitang ito. Ito ay nagpapahayag o nagpapakita na umiiral ang *social stratification* o panlipunang estado sa kulturang Meranaw. Ganito rin ang nais ipahiwatig ng *damedag*, *ayonan*, *walain*, na pare-parehong nabibilang sa categoryang organisasyon panlipunang.

Sa madaling salita, bagama't natutumbasan sa target na wika ang ilang nailahad na CSI, ang pagsasalokal sa mga katawagang nabanggit ay pagkawala ng nakatagong larawan ng natatanging kulturang Meranaw. Kasabay ng pagsasalokal ng mga salita ay naisasantabi ang maliliit na kwento umaalingaw-ngaw sa orihinal na termino at salita.

Sa kabilang banda, kinikilala rin ang mga Meranaw bilang may natatanging kaugalian na bahagi ng kanilang kultural na kaakohan. Ilan sa mga CSI na nabibilang sa Kaugalian,

gaya ng *rido* (clan feud) ay mahalagang mapanatili sapagkat may malaking impak ito sa buhay ng mga Meranaw. Ang *rido* ay isang madugong at minsan ay habang-buhay na hidwaan sa pagitan ng *bangsa* o angkan ng Meranaw. Bagama't madalas itong binibigyang pakahulugan bilang "away ng dalawang pamilya", kalaban o kaaway ay masasabing hindi makasasapat ang mga pagpapakahulugang ito sapagkat ang konsepto ng *rido* ay may kinalaman sa pagkakaroon ng *maratabat*, integral na bahagi ng pagkakakilanlan ng mga Meranaw. Ang impak ng salitang ito ay hindi kasing bigat ng kalaban o kaaway, kaya hangga't maaari ay mapanatili sa pagsasalin. Maliban pa rito, sapagkat kaugalian itong umiiral hanggang sa mga panahong kasalukuyan.

Samakatuwid, ang mga salita at terminong kabilang sa categoryang ito ay nangangailangan ng ibayong pagtitimbang-timbang kung pananatiliing banyaga sa TW o pipiliting isalokal. Gayunpaman, sa ngalan ng pagsasakultura, mahalaga ang pagpapanatili sa mga salitang ito sapagkat kasama ito na sumasalamain sa kabuuang buhay ng mga Meranaw na pinanday ng kanilang kasaysayan. Katulad ng materyal na kultura at kaugalian, iminumungkahi ang paggamit ng *transference*, ngunit sikapin din na mauunawaan ng mambabasa kaya gagamit din ng mga paglalarawan na makatutulong upang hindi lubusang banyaga ang mga termino o konsepto.

Pananaw, ideya at konsepto

Isa pang mahalagang categorya ng kultura na kinakailangan sa pagsasakultura sa proseso at gawaing pagsasaling kultural ang tungkol sa mga pananaw at konsepto. Marami sa mga nakalap na Meranaw CSI ay tumatalakay sa mga konsepto, ideya, at pananaw ng mga Meranaw. Kapansin-pansin sa mga termino o pahayag na nakalap ang mga konseptong masasabing natatangi sa kulturang Meranaw; tulad ng materyal na kultura at panlipunang organisasyon at kaugalian kaya bahagi ito sa kinakaharap na suliranin sa pagtutumbas.

Isang halimbawa nito ang konsepto ng *tonong*. Ang konsepto ng *tonong* ay nakaugat sa pagkakaroon ng ibang dimensyon sa buhay ng mga Meranaw. Mga nilalang itong may pambihirang kakayahan na hindi nakikita ngunit bahagi o kasama sa pang-araw-araw na pamumuhay ng sinaunang Meranaw. Ayon sa kwento-kwento, karaniwang silang naninirahan sa mga ilog, lawa at sa malalaking kahoy, at minsan ay maaaring sa pamamahay mismo ng mga Meranaw. Sa pagsasakontesko nito sa epikong Darangen, katuwang ng tao ang tonong sa pakikipagdigma. Sa kanila madalas nagmumula ang mga kapangyarihang ginagamit ng mga tao sa pakikipagdigma. Mangyari pa, ilan sa mga karakter ng epikong Darangen ay nakaangkla sa *tonong*, tulad nina Mipaerampong sa Tonong, at Mindalano sa Tonong na parehong makapangyarihang tauhan ng epikong may kapangyarihang gaya ng mga *tonong*.

Batay sa katangian ng *tonong*, maaaring sabihin may pagkakatulad ito sa konsepto ng engkanto, diwata o espiritu o "dili ingon nato" sa Binisaya subalit hindi taglay ng mga salitang ito ang pananaw-mundo ng mga Meranaw. Samakatuwid, mahalaga ang pagsasakultura ng mga CSI sapagkat nabibigyan ng higit na halaga ang pagtutumbas nito sa target na wika. Yamang nabanggit ang *tonong* bilang isa sa mga CSI na piniling panatilihin, nais ipabatid na may mga salitang bagama't nahahanapan ng halos kaparehong konsepto ay hindi pa rin

makasasapat dahil sa pagkawala ng konotatibong kahulugan nito. Mga kahulugan na wala sa salita kundi nasa paraan ng pagpapahalaga nito ng mga tao sa isang pangkat.

Gayunpaman, may mga CSI na hindi nangangailangan ng pagpapanatili sa mga salita upang maikintal ang kahulugan nito. Ito ang mga idyoma. Ang mga idyoma ay linggwistikong pahayag o mga leksikal na aytem na kumakatawan sa mga objeyk, konsepto o penomena ng materyal na buhay partikular sa isang kultura (Adelnia at Dastjerdi, 2011). Mahalaga ang mga pahayag na ito para mapanatili ang lokal at kultural na kulay ng isang wika. Madalas, ang mga pahayag na ito ay may konotatibong kahulugan na wala sa literal nitong pagpapakahulugan kaya dapat ito naagapan sa pagsasalin upang masapol ang totoo nitong kahulugan. Dahil dito, itinuturing na komplikado ang mga idyoma. Ngunit nakatutulong ang pag-unawa sa mga katangian nito. Ayon kay Baker (1992), may limang katangian itong dapat maunawaan. Aniya, ang pagkakasunod-sunod ng mga salita sa isang idyoma ay hindi maaaring baguhin. Hindi rin maaaring bawasan ang mga salita. Hindi rin pwedeng magdagdag. Walang salita sa isang idyoma na maaaring mapalitan ng isang salita, at higit sa lahat, ang gramatikal na estruktura nito ay hindi maaaring baguhin o mabago (Adelnia at Dastjerdi, 2011). Kung nababatid ito ng isang tagasalin, magiging madali na lamang ang pagsasalin ng mga idyoma at ang pagsasakultura nito. Dahil sa katangian nailahad, nagiging suliranin sa pagsasalin ang linggwistikal nitong anyo, kaya mas makatutulong kung diwa sa diwa o mensahe sa mensahe ang magiging teknik sa pagsasalin nito.

Sa konteksto ng oral na panitikang Meranaw, kasama sa katangian ng mga genre nito ang pagkakaroon ng mga idyomatikong pahayag, gaya ng epikong Darangen. Pinatutunayan ito ng mga nakalap na datos mula sa ginamit na materyal ng pag-aaral. Sa ginawang pagsasalin ni Asst. Prof. Padate, isa sa mga naging kaparaanan niya ang paggamit ng deskriptibong pagtutumbas (descriptive equivalence) kaya naisalin niya ang mga idyoma sa TW. Ang deskriptibong pagtutumbas ay ginagamit kapag binibigyang paglalarawan ang salita o parirala sa target na wika. Sa madaling salita, isinasalin ito gamit ang diwa o kahulugan ito. Pansinin ang ilang halimbawa sa ibaba:

Orihinal	Salin
<i>makoranda a dato</i>	makisig na datu
<i>makayang a laminan</i>	magarang lamin
<i>bolawan sa dar</i>	itinuring na parang ginto

Sa kabilang banda, may mga idyomang pahayag sa wikang Meranaw na nasa anyong salita na nagpapakita ng kulturang Meranaw. Ilang sa mga halimbawa nito ang salitang *olan* at *bolawan*. Ang salitang *bolawan* sa literal na pagpapakahulugan ay tumutukoy sa ginto. Kilala ang ginto bilang pangunahing mamahaling palamuti ng mga Meranaw kaya kasama ito sa mga materyal nilang gamit. Ngunit maliban pa sa pagiging bagay nito ang gamit ng salitang ito dahil maaari itong ipakahulugan sa kung gaano ito pinahalagahan bilang gamit. Tingnan ang paraan ng paggamit ng salitang ginto bilang idyoma:

Orihinal	Salin
<i>Na mabalon ki Payongan</i>	At sa kapatid kong si Payongan
<i>Na go pen so tanan aken</i>	At ang isa ko pang kapatid
<i>A Malinano Maporeg</i>	Na si Malinano Maporeg,
<i>Na go so langon o bai</i>	At sa ibang iginagalng na bai
<i>A tanan maregen sa dar</i>	Na tunay kong pinahahalagahan
<i>Ka tanan bolawan sa dar</i>	at itinuturing kong tulad ng ginto
<i>Na lontana kano tanan</i>	Nais kong kayo ay bumaba
<i>Ko tipdas malegawan.</i>	Sa malines at malawan na bakuran.

Ang salitang *bolawan* ay may literal na kahulugan na ginto. Ngunit batay sa pagsasakonteksto sa siniping bahagi ng epiko, ang salitang *bolawan (sa dar)* ay ginamit bilang idyomatikong pahayag na ang ibig sabihin ay taong minamahal. Mapapansin sa paraan ng pagsasalin ang pagsasakonteksto nito sa kulturang Meranaw kaya, nasapol ang nais ipahiwatig ng naturang pahayag. Bagama't hindi ito tinumbasan ng katagang minamahal, dahil ginamit ang katagang "itinuturing kong parang ginto" ay masasabi pa rin hindi ito nalalayo sa pinakadiwang nais ipakahulugan nito.

Madalas lumilikha ng suliranin sa pagsasalin ang idyomatikong pahayag kaya nangangailangan ito ng kritikal na pag-unawa ang pagsasakonteksto sa parehong SW at TW. Halimbawa nito ang pagsasalin ng idyomatikong pahayag na *aloyanan a gabon* (himpapawid) na tinumbasan ng pariralang "sa itaas ng langit" ng tagasalin. Ang paraan ng pagtutumbas na ginawa ay paglalarawan sa kahulugan ng pariralang CSI at maaaring masabing hindi gaano nasapol ang totoong kahulugan nito. Dahil dito, masasabing may malaking tulong ang malawak na kaalaman sa parehong wika at kulturang kasangkot sa pagsasalin bilang sandatang gamit ng tagasalin sa pagsasakultura ng mga CSI.

Batay sa dalawang senaryong ipinakita, mahalaga ang pagkilala sa anyo ng CSI na nabibilang sa categoryang ito sa pagsasakultura nito sa proseso ng pagsasalin. Katulad ng salitang *tonong* na isang salita at literal na anyo ng CSI, iminumungkahi ang pagpapanatili nito sapagkat hindi makasasapat ang "engkato" bilang panumbas, subalit sa kaso ng patayutay o idyomatikong pahayag, mahalaga ang pagsasadiwa nito upang higit na maging madulas at natural ang saling teksto. Gayunpaman, hindi nalilimata sa pagpapanatili ng mga CSI ang pagsasakultura sapagkat katulad ng kaso ng ilang pariralang CSI, maaari itong tumbasa ayon sa kahulugan o diwa nito, katulad ng pariralang *bolawan sa dar* na tinumbasan ayon sa konteksto nito. Sa madaling salita, nakasalalay sa anyo ng CSI ang pagsasakultura nito sa pagsasalin.

Pangngalang pantangi (tao, lugar, palayaw, titulo)

May kakaibang paraan ng pagpapangalan ang mga Meranaw. Sa mga Meranaw, ang isang tao ay maaaring magkaroon ng maraming katawagan, maliban pa sa ibinigay na pangalan sa kanya. Makikita dito ang natatanging kultura ng mga Meranaw. Ayon nga kay Frege (1980); nabanggit sa pag-aaral ni Kabaso (2016), ang mga pangalan ay may mga ipinapahiwatig, may halaga. At ganito ang kaso ng pagpapangalan ng mga Meranaw.

Batay sa ginawang pagsasa-Filipino sa mga pangalan, lumalabas na marami sa mga CSI ay pekyuliyar na pangalan ng tao na ginamitan ng tagsalin ng teknik na **transonym**. Batay sa ibinigay na mga halimbawa, hindi nagdalawang isip ang tagasalin na panatilihin ang mga tiyak na pantawag. Pansinin ang mga halimbawang nasa ibaba:

Orihinal	Salin
<i>Bantogan</i>	<i>Kadaan</i>
<i>Batara Disomangkop</i>	<i>Ilian a Bambaran</i>
<i>Batara Lalaminen</i>	<i>Magoyod a Selegen</i>
<i>Mipaeramong sa Tonong</i>	<i>Komenekeneg a Ig</i>
<i>Mindalano sa Tonong</i>	

Ang pagapapanatili sa pangngalang pantangi ay mahigpit na dapat sundin. Hindi katulad ng ibang kategorya ng kultura, ang pangalan ng tao, pook, o hayop ay kinakailangan mapanatili. At sa ganito isinalin ng tagasalin ang lahat ng mga CSI na kabilang sa klasipikasyon ng pangngalang pantangi. Batay rito, iminumungkahi ang paggamit ng teknik na *transonym* bilang mainam na gamitin sa pagsasalin ng mga pangngalang CSI. Ang teknik na ito ay ginagamit sa paglilipat ng mga pangalang pantangi, gaya ng heyograpikal na mga pangalan, pangalan ng tao (Kuleli, 2019). Gayunpaman, katulad ng kaaso ng materyal na kultura, bagama't pinanatili ang mga pangalan, ang pagdaragdag ng deskriptibong panumbas ay makatutulong upang madaling maunawaan ng mga mambabasa ang tinutukoy na konsepto. Maliban pa rito, sa kaso ng mga pangalan ng tao, maaari ding gumamit ng panghalip kung gugustuhin, o kinakailangan.

Ekolohiya

Tumutukoy ang kategorya ng ekolohiya sa mga katayuang heyograpikal ng isang pook tulad ng *flora* (mga halaman), *fauna* (mga hayop), hangin at talampas (Newmark, 1988). Sa konteksto ng epikong Darangen, bahagi ng imaheng nililikha ng kwento at kaganapan dito ang tungkol sa kalikasan. Ang Episod 2 ng Volyum V ng epikong *Darangen* ay nagpapakita ng larawan ng kalikasan. Mapapansing ilang sa mga senaryo at kaganapan ay nasa himpapawid, sa dalampasigan at sa malawak na karagatan. Kaya naman, hindi nagkapagtataka kung bakit maraming mga nakalap na CSI na nauuri sa kategorya ng

ekolohiya.

Batay sa pagsasaling ginawa ng tagasalin, piniling tumbasan ito sa kaparehong konsepto sa Filipino gamit ang teknik na *functional equivalent*. Sa limang kategorya ng kultura, ang ekolohiya ay hindi gaano suliranin sa pagsasalin sapagkat iisang daigdig o mundo lamang ang mga nilalang. Kaya ang mga terminong kabilang sa klasipikasyon ito ay madali na lamang naisasalin gamit ang katumbas nitong salita sa ibang wika. Narito ang mga halimbawang terminolohiyang may kaugnayan sa ekolohiya:

Orihinal	Salin
<i>alongan</i>	araw
<i>kalodan</i>	karagatan
<i>olan</i>	buwan
<i>kilat</i>	kidlat
<i>ponay</i>	ponay

Batay pa rin sa mga CSI, mapapansin ang naiibang teknik o kaparaanan na ginamit ng tagasalin sa terminong *ponay* o kalapati sa wikang Filipino (Lexicon of Classical Literary Maranao Words and Phrases). Sa halip na gamitin niya ang kalapati ay ginamitan niya ng teknik na *transonym*, ibig sabihin ay tahasang niyang pinanatili ang salita ngunit maaaring hindi ito agarang maunawaan ng mambabasa. Kaya, kung isasaalang-alang ang mga mambabasa, maaaring gamitin ang kalapati bilang panumbas. Maliban pa rito, ang *ponay* ay hindi pangngalang pantangi para panatilihin, kundi uri ng ibon.

Sa pangkalahatan, hindi katulad ng materyal na kultura, panlipunang organisasyon, pananaw at konsepto, ang mga CSI na nabibilang sa ekolohiya ay hindi nangangailangan ng limitasyong nakaugat lamang ito sa kulturang Meranaw, sapagkat kahit sabihin pang may natatangi silang kultura, hindi pa rin maaalis ang katotohanang iisa lang ang daigdig ng mga tao. Sa madaling salita, hindi eksklusibo ang kapaligiran at kalikasan sa isang pangkat kaya ang mga pangkalikasang CSI ay ay lagi't laging may lokal na katumbas. Kaya ang pagsasalin ng mga CSI kaugnay ng ekolohiya ay hindi suliranin sa pagsasaling kultural, maliban na lamang kung ginamit ito sa paraang idyomatiko. Halimbawa nito ang salitang *olan*, na ginagamit din bilang pantawag sa babae, gaya ng *olan bai* na maaaring kasing kahulugan ng prinsesa, at minsan ay pangalan mismo ng isang tao gaya nina *Lendalendag a olan*. Samakatuwid, nangangailangan ng pagsasakonteksto ang mga tekstuwal na konsepto upang masapol ang kulturang dala-dala nito. At mula rito ay maaring gamitin ang katumbas na CSI sa target na wika.

Samakatuwid, ang pagsasakultura ay isang prosesong pinagdadaanan ng pagtawid ng kultura sa akto ng pagsasalin gamit ang pagpapahalaga sa kultural na konteksto ng mga CSI. Sa pagdulog na ito, kinakailangan ang konsiderasyon sa anyo o genre ng SW sapagkat

nakadepende ang konsepto ng CSI ayon sa uri o anyo ng teksto. Kinakailangang nakikilala ang katangian ng CSI sapagkat dito nakasalalay ang pagtukoy sa klasipikasyon nito at mula rito ay maaaring matukoy ang magiging kaparaanan ng pagtutumbas, kung ito ba ay nangangailangan ng pagpapanatili o pagtutumbas sa TW.

Konklusyon

Batay sa naging pagsusuri sa mga CSI sa pamamagitan ng tekstuwal at kontekstuwal na pagpapakahulugan, lumalabas na may malaking papel ang pag-alam sa anyo at katangian at ang kinabibilangang kategorya ng kultura ang mga CSI sa pagsasakultura. Sa mga CSI na nabibilang sa klasipikasyon ng materyal na kultura, mahalaga ang pagpapanatili ng mga ito sapagkat madalas hindi ito makikita sa ibang kultura. Halimbawa nito ang mga terminong *torogan* at *lamin*. Bagama't may pagkakataong ang isang konsepto o termino ay may halos pagkakahawig sa ibang kultura kaya pinipiling isalokal ngunit ang nagiging disbentahi nito ay maaaring mawala ang nakatagong kahulugan na masasapol lamang kung papanatilihin ang termino. Ganito ang paniniwala ni Lucero (2007), nasa kultural motip ang kahulugan ng konsepto kaya mahalagang mapanatili ang pagiging banyaga ng mga ito sa TW. Halimbawa nito ang mga terminong *kampilan* at *kelong* na may pagkakatulad sa konsepto ng espada at pananggalang. Gayunpaman, may mga materyal na kulturang unibersal sa lipunang Pilipino kaya ang pagsasalokal nito ay maaaring katanggap-tanggap.

Katulad ng materyal na kultura, ang mga CSI na nabibilang sa kategorya ng organisasyong panlipunan at kaugalian ay nangangailangan din ng pagsasakultura sapagkat bahagi ito sa pagiging pekyuliyar ng kulturang Meranaw. Patunay rito ang ilang mga katawagan gaya ng *damedag*, *batara*, *ayonan*, *walain*, at *dato* batay sa ginawang pagsasalin ng tagasalin ay pinili niyang isalokal, ngunit katulad nang nabanggit na dahilan sa materyan na kultura, hindi natutugunan ng mga lokal na salita ang mga nakatagong mensahe sa likod ng isang CSI. Ganito rin ang kaso ng mga CSI na kabilang sa pananaw at konsepto, ang pagsasalokal nito ay pagsasantabi ng mayaman at natatanging kulturang Meranaw.

Samantala, ang mga CSI na nabibilang sa kategorya ng pangngalang pantangi (tao, hayop, at lugar) ay dapat na mapanatili. Mahigpit dapat itong pinanatili sapagkat nakaangkla ito sa katawagan at pangalan ng isang tao, ng hayop o ng lugar. Subalit para sa kategorya ng ekolohiya, hindi nagiging suliranin dito ang pagtutumbas sapagka iba-iba man ang paniniwala at kultura ng mga etnolinggwistikong pangkat, hindi maikakailang iisang mundo lang, iisang kalikasan lang ang ginagawalan.

Sa pangkalahatan, nakadepende sa klasipikasyon ng CSI ang kaparaanan ng pagsasalin. Ibig sabihin, ang paggamit ng mga teknik ay umaayon sa kahingian at pangangailangan ng CSI, kung ang salita ay kabilang sa materyal na kultura, pinanatili ito sapagkat madalas wala itong katulad na konsepto sa wikang Filipino. Ngunit hindi katulad ng kaso ng kategoryang ekolohiya na lahat naisalin sa wikang Filipino gamit ang wikang Filipino. Samakatuwid, may malaking papel ng klasipikasyon ng mga CSI sa pagmamaniipula ng tagasalin.

Nagaganap ang manipulasyon sa pamamagitan ng malayang pagpili ng mga teknik at estratehiyang pampagsasalin sa proseso ng pagtutumbas ng mga CSI, bagay na

nangangailangang bigyang pansin upang maisaposisyon ang kulturang nakapaloob sa orihinal na teksto. Ang pagpili ng teknik at estratehiya ay nararapat na iayon sa pagtitimbang-timbang sa proseso ng pagtutumbas. Parehong dapat pinahahalagahan ang dalawang wika at kulturang kasangkot sa pagsasakultura ng mga CSI.

Reperensiya

- Adelnia, A. at Dastjerdi, H. V. (2011). Translation of idioms: A hard task for the translator. *Theory and Practice in Language Studies*, 1, (7) , 879-883. DOI: 10.4304/tpls.1.7.879-883.
- Aixela, J. F. (1996). Culture specific items in translation. Nasa E. R. Alvares, M. C. Vidal, *Translation, power, subversion*, 56-66. Multilingual Matters.
- Baker, M. (1992). *In other words: a coursebook on translation*. Routledge.
- Bhabha, H. (1994). *The location of culture*. Routledge.
- Kabaso, F. M. (2016). A morphological and semantic analysis of nicknames in Ng-umbo. Isang publisadong desertasyon: University of Zambia na naakses sa <https://dspace.unza.zm/server/api/core/bitstreams/8044544f-848a-42d4-a7a4-2080ebcb8e57/content>
- Kuleli, M. (2019). Identification of translation procedures for culture specific items in a short story. *Journal of Language and Linguistics Studies*, 15, (3), 1105-1121.
- Larson, M. L. (1984). *Meaning-based translation: a guide to cross-language equivalence*. University Press of the America.
- Lucero, R. (2007). *Ang Bayan sa Labas ng Maynila (The Nation Beyond Manila)*. Ateneo de Manila University Press.
- Oztemet, F. at Kurt, M. (2017). Transmission of cultural specifc items into English translation of "Dear Shameless Death" by Latife Tekin. *International Journal of Languages Education and Teaching*, 4, 302-320.
- Sarip, S. R. (2013). *Bolyum v ng darangen: tagapag-ingat ng mga ulawlang Maranao* (Dinalathalang Masteral na tesis). Iligan City: MSU-Iligan Institute of Technology
- Toury, G. (1995). *Descriptive translation studies and beyond*. John Benjamin Publishing Company.
- Taylor, E. (1920). *Primitive culture*: J. P. Putuan's Sons.